PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagmamahal Niya na walang pag-iimbot, may pagsasakripisyo, at walang itinakdang mga kondisyon. Pasalamatan Siya sa pagpapakita kung paano magmahal ng kaaway sa pamamagitan ng pagmamahal sa iyo.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng kakayahan na ipakita ang pagmamahal at pagpapatawad sa iba, lalo na sa iyong mga kaaway.
- Ipanalangin na ang pagmamahal ng Diyos ay lalo pang makita sa buhay mo na maging ang mga kaaway mo ay makakikilala kay Cristo sa pamamagitan mo.

NOTES

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

Aktibong Pag-ibig

WARM-UP

- Magsalaysay ng isang nakakawiling tunggalian na naranasan mo (hal. sa eskwelahan o sa inyong kultura). Ano ang pinagmulan ng tunggaliang ito?
- Ikuwento ang isang bagay na madalas ay nakaka-inis para sa iyo? Ano ang ginagawa mo sa tuwing nangyayari ito?
- Paano mo ipinapadama ang pag-ibig mo sa mga taong pinakamamahal mo? Magbigay ng maikling paliwanag para dito.

WORD

43"Narinig ninyo na sinabi noong una, 'Mahalin mo ang iyong kaibigan, at kamuhian mo ang iyong kaaway.' 44Ngunit sinasabi ko sa inyo na mahalin ninyo ang inyong mga kaaway at ipanalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo." **MATEO 5:43,44**

Ang pagmamahal sa ating mga kaaway ay isa sa mga pinakamahirap na kautusan ni Jesus. Madaling mahalin ang mga tao na mabait sa iyo at sinusuklian ang pagmamahal na ibinibigay mo. Sa kabilang banda, ang mahalin sa mga nang-aabuso sa iyo, nagkakasala sa iyo, at nananakit sa iyo ay mahirap. Karaniwan sa atin ang gumanti upang makabawi sa ating mga kaaway. Hinamon ni Jesus ang kaisipang ito at itinaas ang pamantayan sa pamamagitan ng pag-utos sa atin na mahalin ang ating mga kaaway gaya ng pagmamahal sa atin ng Ama. Narito ang mga radikal na tugon ayon kay Jesus.

1 Manalangin sa Ama para sa kanila.

"Ngunit sinasabi ko sa inyo na mahalin ninyo ang inyong mga kaaway at ipanalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo." **MATEO 5:44**

Sa tuwing ipinapanalangin natin ang ating mga kaaway, idinadamay natin ang Ama sa ating relasyon sa kanila. Ito ay isang pagsuko ng hustiya sa kamay ng Diyos sa halip na ilagay ito sa ating mga kamay. Ipinakita ito maging ni Jesus. Habang siya ay nakapako sa krus, hiniling Niya na patawarin ng Ama ang mga nagpapako sa Kanya (Lucas 23:34). Sa kabila ng kawalan ng hustisya na Kanyang naranasan, minahal pa rin Niya ang Kanyang mga kaaway at hiniling sa Diyos na maging maawain sa kanila. Dahil dito, tayo ay tinawag na magpakita ng ganitong uri ng pag-ibig sa ating mga kaaway sa pamamagitan ng pananalangin para sa kanila. Paano mo natutunang ipagdasal ang mga kaaway mo? Ano ang ipinagdasal mo para sa kanila?

2 Mahalin sila gaya ng pagmamahal sa kanila ng Ama.

"Kung gagawin ninyo ito, magiging tunay na anak kayo ng inyong Amang nasa langit. Sapagkat hindi lang sa mababuting tao niya pinapasikat ang araw kundi pati na rin sa masasama. At hindi lang ang matutuwid ang binibigyan niya ng ulan kundi pati na rin ang mga hindi matuwid." **MATEO 5:45**

Iba magmahal ang ating Ama kaysa sa mundo. Nagbibigay Siya ng mga biyaya at pagpapala kahit hindi tayo karapat-dapat na tumanggap ng mga ito. Kung itinuring tayo ng Diyos ayon sa kung ano ang nararapat para sa atin, malamang tayong lahat ay magdadalamhati. Sa halip, pinili Niya na maging mabait sa atin. Ang pagmamahal Niya ay hindi makasarili, puno ng pagsasakripisyo, at walang hinihinging kapalit. Tayo ay tinawag upang magmahal din ng ganito. Bakit ang pagmamahal natin sa iba ay bunga ng pag-apaw ng pagmamahal ng Ama sa atin? Paano mo natutunang magmahal gaya ng pagmamahal sa iyo ng Diyos?

APPLICATION

- Paano mo maipapanalangin ang mga kaaway mo ngayong linggo?
- Paano mo maipapakita ang walang pag-iimbot, may pagsasakripisyo, at walang itinakdang kapalit na pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga kaaway? Ano ang gagawin mo na iba sa dati mong ginagawa?
- Napatawad mo na ba ang mga kaaway mo? Ano ang gagawin mo upang sumunod sa utos ni Jesus na magpatawad sa sinumang nanakit o nagdulot ng pinsala sa iyo?